# 2

# Ang Bagong Batang Pinoy

# Filipino

## Kagamitan ng Mag-aaral

Yunit 2

DEPED COPY

Ang kagamitan sa pagtuturong ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan, kolehiyo, at / o unibersidad. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Ang Bagong Batang Pinoy – Ikalawang Baitang**
**Filipino - Kagamitan ng Mag-aaral**
**Unang Edisyon, 2013**
**ISBN: 978-971-9990-66-6**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi**. Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsikapang mahanap at mahingi ang pahintulot ng mga may karapatang-ari upang magamit ang mga akdang ito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng mga tagapaglathala (*publisher*) at may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Yolanda S. Quijano, Ph.D.

**Mga Bumuo ng Kagamitan ng Mag-aaral**

**Punong Tagapangasiwa:** Luz S. Almeda, Ph. D.; **Pangalawang Tagapangasiwa:** Rizalino Jose T. Rosales; **Lider:** Victoria R. Mayo; **Manunulat:** Nilda S. D. Garcia, Jackelyn F. Aligante, Melany B. Ola, Aida J. Cruz, Erlinda B. Castro, Virginia C. Cruz, Matilde N. Padalla, Galcoso C. Alburo, Estela C. Cruz; **Tagapag-ambag:** Aurora E. Batnag, Ma. Fe C. Balaba, Nelly I. Datur, Avizen C. Siño, Felix Q. Casagan, Ruby E. Baniqued, Nora C. Bernabe, Maribel R. Mendoza, Kristina L. Ballaran, Rechelle M. Meron; **Editor:** Arsenia C. Lara, Amaflor C. Alde; **Kasangguni:** Angelika D. Jabines; **Tagapagtala:** Ma. Cynthia P. Orozco; **Taga-anyo:** Christopher C. Artuz, Leonor Barraquias; **Tagapag-guhit:** Bernie John E. Isip at Francischarl S. Isip

**Inilimbag sa Pilipinas ng Rex Book Store, Inc.**

**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**

| | |
|---|---|
| Office Address: | 2nd Floor, Dorm G, PSC Complex<br>Meralco Avenue, Pasig City<br>Philippines 1600 |
| Telefax: | (02) 634 -1054 o 634 -1072 |
| E-mail Address: | imcsetd@yahoo.com |

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# PAUNANG SALITA

Kumusta ka na? Binabati kita at ikaw ay nasa Ikalawang Baitang na ng iyong pag-aaral!

Ang Kagamitang ito ay sadyang inihanda para sa iyo. Ito ang magsisilbing gabay mo para sa iyong pag-aaral ng asignaturang Filipino 2. Inaasahan na sa paggamit mo nito ay magiging aktibo ka sa talakayan sa loob ng klase at maipahahayag mo nang wasto at maayos ang iyong mga personal na ideya at karanasan kaugnay ng pinag-aaralan sa klase.

Ang mga babasahin at mga gawain dito ay isinaayos at pinili upang magkaroon ka ng maunlad na kasanayan sa pagsasalita, pakikinig, pagsulat, pagbasa, at panonood.

Ang mga aralin ay nahahati sa apat na yunit. Ito ay ang sumusunod:

Yunit I - Pagpapakatao at Pagiging Kasapi ng Pamilya

Yunit II - Pakikipagkapwa-Tao

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Yunit III - Pagmamahal sa Bansa
Yunit IV - Panginoon ang Sandigan sa Paggawa ng Kabutihan

Sa bawat aralin, ang sumusunod na gawain ay iyong masusubukan upang higit na mapagyaman ang iyong kakayahan.

**SUBUKIN NATIN** – Sa bahaging ito malalaman natin ang kakayahan at kasanayang abot-alam mo na. Ito ay gagawin sa unang araw ng bawat aralin o linggo. Huwag kang matakot sa pagsasagot sapagkat ito ay hindi makaaapekto sa iyong grado. Nais lamang nating malaman ang dati mong kaalaman o karanasan na may kaugnayan sa pag-aaralan.

**BASAHIN NATIN** – Babasahin mo ang mga tekstong sadyang isinulat para sa iyo upang matukoy o magkaroon ka ng ideya kung ano ang pag-aaralan mo sa buong linggo. Ang mga tekstong ito ay maaaring alamat, pabula, kuwentong bayan,

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

mga pantasya o likhang isip, at mga salaysay ayon sa karanasan ng mga ibang mag-aaral. Ito ang magiging susi upang higit mong maunawaan ang mga aralin natin. Huwag kang mabahala. Laging nakaagapay ang iyong guro sa lahat ng gagawin mo.

**SAGUTIN NATIN** – Dito susubukin nating malaman kung lubos mong naunawaan ang napakinggan o nabasa mong teksto.

**PAHALAGAHAN NATIN** – Sa bahaging ito, mauunawaan natin ang kagandahang asal at pag-uugali na nais ituro sa atin ng napakinggan o nabasang teksto.

**GAWIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng iba't ibang pagsasanay kaugnay ng aralin. Maaaring ito ay kasama ng iba mong kamag-aral o maaari din namang pang-isahang gawain.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**SANAYIN NATIN** – Dito magkakaroon ka ng pagkakataon na malinang lalo ang kasanayan sa napag-aralan kasama ang ibang pangkat sa pamamagitan ng mga karagdagang gawain.

**TANDAAN NATIN** – Sa bahaging ito, mababasa natin ang mga kaisipang dapat nating tandaan kaugnay  ng araling tinalakay.

**LINANGIN NATIN** – Dito higit na papaunlarin ang kasanayan at kaalaman na natutunan sa natapos na aralin.

Sa pamamagitan din ng Kagamitang ito, nawa ikaw ay maging maka-Diyos, makatao, makakalikasan, at makabayang batang Pilipino.

Isang Bagong Batang Pinoy na handa sa mga pagbabagong dala ng kapaligiran at ng makabagong teknolohiya.

Maligayang pag-aaral sa iyo!

**MGA MAY AKDA**

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Talaan ng Nilalaman

**Yunit 2: Pakikipagkapwa-Tao**

**Aralin 1: Ideya Ko, Sasabihin Ko** . . . . . . . . . . . 146
Panghalip Panao
Ang Matulunging Mag-anak . . . . . . 146
Si Lea . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 148
Dapat Tandaan sa Pagsulat . . . . . . 155

**Aralin 2: Pangunahing Direksiyon, Susi sa Lokasyon** . . . . . . . . . . . . . . . . 157
Panghalip Panao Bilang Pamalit sa Pangngalan
Masaya ang Tumulong sa Kapwa . . . . . . . . . . . . . . . . . . 157
Ang Magkakaibigan . . . . . . . . . . . . . 162

**Aralin 3: Napakinggang Teksto, Ipahahayag Ko** . . . . . . . . . . . . . . . . . . 168
Panghalip Pamatlig
Si Mang Nardo . . . . . . . . . . . . . . . . . . 168

**Aralin 4: Sinabi Mo, Ramdam Ko!** . . . . . . . . . . . 181
Panghalip Panao na Paari
Ang Magkaibigan . . . . . . . . . . . . . . . . 181
Ang Batang si Prado . . . . . . . . . . . . 185

**Aralin 5: Kuwento Mo, Pakikinggan Ko!** . . . . 193
Panghalip Pananong
Si Carlo at si Felix . . . . . . . . . . . . . . . . 193
Si Lito . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 195
Si Melissa . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . . 196
Pagkakabigkis . . . . . . . . . . . . . . . . . . 197

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Aralin 6: Komunikasyon, Daan sa Pag-unlad ng Edukasyon** ..... 207
Magkasingkahulugan na Salita
Panghalip Pamatlig na Patulad
Ang Magkakaibigan at ang Pulubi ................ 207
May Bisita ...................... 211
**Aralin 7: Karanasan Ko, Iuugnay Ko** ...... 222
Kailanan Panghalip Panao
Sorpresa kay Sophia ............ 222
Kasiyahan sa Paaralan .......... 227
Si Lolo at si Lola ................ 231
**Aralin 8: Nabasang Kuwento, Isasalaysay Ko** ................ 234
Panauhan ng Panghalip Panao
Mapalad si Zyra ............... 243
**Aralin 9: Katangian Mo, Aalamin Ko** ...... 247
Panghalip na Panlunan Bilang Pamalit sa Pangngalan
Ang Pamilya Kung Saan Ako Masaya ............... 246

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Yunit 2

## Pakikipagkapwa-Tao



**Mahirap mamuhay**
**nang nag-iisa sa mundo**
**Kapwa ay mahalaga,**
**kaya't pakamahalin mo.**
**Malasakit sa kanila'y**
**ipamalas nang totoo**
**Nang maging masaya**
**at makabuluhan ang buhay na ito.**



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 1: Ideya Ko, Sasabihin Ko




Basahin ang mga pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang **Oo** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **Hindi** kung hindi.

1. Ang **ako**, **siya**, at **ikaw** ay halimbawa ng panghalip panao.
2. Ang **pangunahing ideya** ay matatagpuan sa unahan ng talata.
3. Ang mga **ponema** ay makabuluhang tunog sa isang wika.
4. Napapangkat ang mga salita sa iba't ibang kategorya.
5. Madaling sagutin ang mga tanong na **sino**, **ano**, at **saan** sa binasang teksto.




## Ang Matulunging Mag-Anak



Ang mag-anak na Reyes ay likas na matulungin.

Sila ay nagpunta sa kalapit na barangay upang tulungan ang mga taong nasunugan.

Sina Aling Oneng at Mang Romy ang

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

nagbibigay ng pagkain. Sina Ben, Tina, at Leo ang tumutulong sa pag-eempake ng mga pagkain na ipamimigay. "Ako na ang maglalagay ng **noodles** sa supot," ang sabi ni Ben.

"Ikaw naman, Tina, ang maglalagay ng mga de lata. Siya naman ang maglalagay ng mga bigas," sabay turo ng dalawang bata kay Leo.



## Sagutin Natin

- Sino ang tatlong bata sa kuwento?
- Bakit sila nasa kalapit na barangay?
- Anong uri ng mga bata ang magkakapatid? Ipaliwanag.
- Ano ang katangiang taglay ng mag-anak?
- Kung may nangangailangan na kapwa, anong gagawin mo?
- Ano ang pangunahing ideya ng kuwento? Paano mo ito natukoy?



## Pahalagahan Natin

Ang pakikipagtulungan o pagdamay sa mga nangangailangan ay pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Basahin mo ang talata upang masagot ang mga tanong pagkatapos nito.

### Si Lea

Si Lea ay batang magalang. Gumagamit siya ng po at opo kapag nakikipag-usap. Humahalik din siya sa kamay ng kaniyang mga magulang bago umalis at pagdating ng bahay. Pinalaki siya ng kaniyang mga magulang na magalang at marunong makipagkapwa-tao.

Tungkol saan ang kuwento?
Ibigay ang pangunahing ideya.



## Sanayin Natin

Tukuyin ang pangunahing ideya ng mga talata. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Si Ella ay may gulayan. Maraming tao ang natutuwa sa kaniyang gulayan. Kapag may nakakakita at nanghihingi sa kaniya, ito ay kaniyang binibigyan. Likas ang pagiging mapagbigay ni Ella.
   a. ang gulayan ni Ella
   b. ang halamanan ni Ella
   c. ang pagiging mapagbigay ni Ella

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Likas sa mga Pilipino ang pagiging mahilig sa musika. Kahit saan ka pumunta makaririnig ka ng mga nag-aawitan sa kanto o mga bahay. May mga **videoke bar** din na kung saan ang mga Pilipino ay nahihilig pumunta upang umawit. Nabubuklod sila at nagkakaisa dahil sa pag-awit.
   a. Likas sa Pilipino ang pakikinig ng musika.
   b. Likas sa mga Pilipino ang pag-awit sa kalye.
   c. Likas sa mga Pilipino ang pagiging mahilig sa musika.

3. Likas sa mga Pilipino ang pagdadamayan. Anumang kalamidad ang dumating sa kanilang buhay, hindi nila ito sinusukuan sa halip ay nagtutulungan sila. May problema man ay hindi nila pinapansin sapagkat alam nilang lilipas din ang lahat.
   a. Ang Pilipino ay nagdadamayan.
   b. Ang Pilipino ay puro problema.
   c. Ang Pilipino ay takot sa kalamidad.




Ang **pangunahing ideya** ang tumutukoy kung ano ang isinasaad sa talata. Ito ay sinu-suportahan ng mga pangungusap na nagbibigay ng detalye. Tinatawag na **paksang pangungusap** ang pangungusap na nagpapahayag ng pangunahing ideya. Kalimitan ito ay nakikita sa unahan o sa hulihan ng isang talata.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Isulat ang pangunahing ideya sa bawat talata. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. Si Kim ay may lapis. Ito ay mahaba at matulis. Ipinahihiram niya ito sa kamag-aral na walang dalang lapis.
2. Kilala ang mga Pilipino sa pakikipagbayanihan. Nakikita ito kapag may patanim o anihan sa bukid. Makikita rin ito kapag may handaan tulad ng kasal o binyag.
3. Ang paglalaro ng basketbol ay kinakikitaan ng magandang samahan at pagmamalasakitan. Ito ay kinakailangan upang mapalakas ang koponan.



## Basahin Natin

Basahing muli "Ang Matulunging Mag-anak."



## Sagutin Natin

Isulat ang mga salita sa kuwento na katulad ng salita sa loob ng kahon na may dalawang pantig.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| li | + | kas | = | likas |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong sa ibang tao ay pagpapakita ng pagdamay at pag-unawa sa kanilang kalagayan.

## Gawin Natin

Basahin ang mga salita. Piliin at sipiin ang mga salitang may dalawang pantig.

| | | |
|---|---|---|
| 1. bola | keso | tinapay |
| 2. bukid | kalabaw | tinik |
| 3. aklatan | ilog | taniman |
| 4. baso | kutsara | tinidor |
| 5. babae | bunso | lalaki |

## Sanayin Natin

Bumuo ng mga salitang may dalawang pantig gamit ang mga pantig sa loob ng kahon.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| wa | lo | lis | la | ka | ko | si | to |
| bu | tu | pu | pa | ta | ma | ku | tis |

## Tandaan Natin

Sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga tunog ng mga letra, nakabubuo tayo ng mga pantig na nagiging isang salita.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Tingnan ang mga larawan. Punan ng wastong pantig ang mga patlang upang mabuo ang ngalan ng bawat isa.



| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| is_____ | hi_____ | ngi____ | ha____ | pa____ |

to　　pin　　da　　ri　　pon



## Basahin Natin

Basahin ang "Ang Matulunging Mag-anak."



## Sagutin Natin

- Sino ang maglalagay ng **noodles** sa supot?
- Paano ito sinabi ni Ben?
- Paano naman sinabi ni Ben ang gagawin ni Tina?
- Anong salita ang ginamit niya?
- Sino ang tinukoy ng mga bata na magtitimbang ng bigas?
- Anong salita ang ginamit bilang pamalit sa pangalan ng tauhan?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DepEd COPY



## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong sa kapwa ay pakikipagkapwa-tao.



## Gawin Natin

Isulat ang wastong panghalip panao para sa pangngalang may salungguhit.

1. Ang guro ay pipili ng magiging kalahok sa paligsahan. (Ako, Siya, Ikaw)
2. "Ilang taon ka na Bel?" tanong ng guro.
   "___ ay pitong taong gulang." (Ako, Siya, Ikaw)
3. Sinabi ng guro kay Bel, "____ ay sasali sa paligsahan." (Ikaw, Ako, Siya)
4. "Hindi ____ po tatanggihan ang nais ninyo." (ko, mo, ka)
5. "Salamat at hindi tinanggihan ni Bel ang alok ____." (ko, mo, ka)



## Sanayin Natin

Magbigay ng limang pangungusap gamit ang panghalip panao.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin


Ang **ako**, **ikaw**, **siya**, **akin**, **mo**, **ko**, **kaniya**, **niya**,at **kita** ay mga **panghalip panao.** Ito ay mga salitang panghalili sa ngalan ng tao.

Ang **ako**, **akin**, at **ko** ay tumutukoy **sa nag-sasalita**. Ang **ikaw**, **mo**, at **kita** ay tumutukoy naman **sa kinakausap**. Ang **siya**, **niya**, at ang **kaniya** ay tumutukoy naman sa **pinag-uusapan**.



## Linangin Natin

Lagyan ng wastong panghalip panao ang patlang. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

| | | |
|---|---|---|
|  |  |  |
| ______ si Lorena, pitong taong gulang. | _____ ba ang bago naming kapitbahay? | _____ kaya ang bagong guro natin? |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Piliin ang angkop na panghalip panao sa pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. (Siya, Ka, Mo) ang aking guro sa Filipino.
2. Tulungan (ko, mo, siya) ang nangangailangan.
3. (Ko, Niya, Ako) ay nasa ikalawang baitang.
4. Hawakan (siya, ako, mo) ang malamig na yelo.
5. Hindi (siya, ako, ko) nabasa ang aklat.




**Dapat Tandaan sa Pagsulat**

1. Hawakan nang maayos ang lapis.
2. Iayos ang sulatang papel sa desk.
3. Magsulat mula pakaliwa-pakanan.
4. Isulat ang mga salita nang may tamang pagitan ng mga letra at nang pantay-pantay sa guhit.




- Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat?
- Bakit dapat sundin ang mga paalalang ito?




Mahalagang sundin ang mga panuntunan sa pagsulat upang maging malinis at maayos ang mga sulating gagawin.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Sipiin ang mga salita.

tao

bala

likas

Isulat sa paraang kabit-kabit ang mga salitang ididikta ng guro.



## Tandaan Natin

Isulat ang mga salita nang may tamang pagitan at pare-parehong laki.



## Linangin Natin

Sumulat ng limang salita sa kuwaderno sa paraang kabit-kabit.



## Sulatin Natin

Isulat ang mga salita sa paraang kabit-kabit.

1. ako
2. ikaw
3. kita

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 2: Pangunahing Direksiyon, Susi sa Lokasyon




Isulat ang **Tama** sa sagutang papel kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **Mali** kung hindi.

1. Ang doon, malapit, malayo, at diyan ay mga pangunahing direksiyon.
2. Ang mga salita ay napapantig.
3. Ang kami, tayo, at sila ay panghalip panao.
4. Ang pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa iba't ibang bantas.
5. May apat na pangunahing direksiyon.




## Masaya ang Tumulong sa Kapwa



Araw ng Sabado, masiglang naglalaro si Roy sa kanilang bakuran na nasa Kalye Marilag sa kanluran.
May nakita siyang isang matandang babae na parang may hinahanap.

Lumapit si Roy at tinanong ang matandang babae. Nagpakilala ang babae na siya ay si Gng. Martinez na mula sa Lungsod ng Bacolod. Hinahanap niya ang bahay ng

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

kaniyang kamag-anak na malapit sa Pamahalaang Bayan ng Sta. Fe. Tumigil si Roy sa paglalaro at tinulungan ang matanda.

Mula sa bahay nina Roy ay dumiretso sila pasilangan at pagdating sa pangalawang kanto ay lumiko sila sa kaliwa sa Kalye Aliw at kumanan sa Kalye Maligaya. Mula sa kanto, ay may apat na bahay ang layo ng Pamahalaang Bayan ng Sta. Fe. Katapat nito ay ang bahay na hinahanap nila.

Tuwang-tuwa na nagpasalamat si Gng. Martinez kay Roy. Masayang umuwi si Roy dahil nakatulong siya sa kapwa.



## Sagutin Natin

- Sino ang naglalaro?
- Ano ang suliranin ni Gng. Martinez?
- Paano siya tinulungan ni Roy?
- Ano ang katangian ng batang si Roy?
- Saan matatagpuan ang bahay nina Roy?
- Saan makikita ang paaralan ng Sta. Fe?
- Saang direksiyon matatagpuan ang Pamahalaang Bayan ng Sta. Fe?
- Saan matatagpuan ang bahay ng kamag-anak ni Gng. Martinez?



## Pahalagahan Natin

Ang pagtulong sa kapwa ay pagpapakita ng kabutihan.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Gawin Natin

Gamitin ang mapa sa pagbibigay ng mga hinihingi.




Ibigay ang direksiyon kung saan makikita ang:

1. kabahayan
2. **health center**
3. pamilihan
4. simbahan

## Sanayin Natin

Hintayin ang hudyat ng guro sa paggawa.

1. Pumunta sa kaliwa ng iyong katabi.
   Anong direksiyon ang iyong kinaroroonan?
2. Pumunta sa likuran.
   Anong direksiyon ang iyong kinaroroonan?
3. Pumunta sa kanan ng iyong kaibigan.
   Anong direksiyon ang iyong kinaroroonan?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Pumunta sa harapan.
   Anong direksiyon ang iyong kinaroroonan?
5. Pumunta sa labas at sabihin ang nasa kaliwang bahagi mo.




Ang **direksiyon** ang magsasabi kung saan naroroon ang lugar na nais puntahan o hanapin. Ang apat na pangunahing direksiyon ay **hilaga**, **timog**, **silangan**, at **kanluran.**

Ang **hilaga** ay matatagpuan sa gawing itaas at ang **timog** ay nasa may ibaba. Ang kanan ay **silangan** at ang kaliwa ay **kanluran.**

DEPED COPY




Gamit ang mga direksiyon, ipakita ang sumusunod na lugar sa pamayanan. Gawin sa kuwaderno.

1. simbahan - hilaga
2. kabahayan - kanluran
3. palengke - timog
4. paaralan - silangan



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong "Masaya ang Tumulong sa Kapwa."



## Sagutin Natin

- Ano ang hinahanap ng matandang babae?
- Ano ang ginawa ni Roy matapos malaman ang problema ng matandang babae ?
- Ano ang ginawa ng matanda dahil sa pagtulong na ibinigay ni Roy sa kaniya?
- Saan natagpuan ang bahay na kaniyang hinahanap?



## Pahalagahan Natin

Ang pagpapantig ng mga salita ay makatutulong sa pagbaybay nito nang wasto.



## Gawin Natin

Pantigin ang sumusunod:

1. direksiyon
2. nagmamaneho
3. nalimutan

5. sasakyan
4. pamayanan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Alin ang tama ang pagpapantig? Sabihin ang letra ng iyong sagot.

1. a. ba–ku–ran b. b–aku–ran
2. a. b–a–b–a–e b. ba–ba–e
3. a. ma–tan–da b. m–a–tan–da
4. a. m–a–la–pit b. ma–la–pit
5. a. di–ret–so b. di–re–tso



## Linangin Natin

Isulat nang papantig ang mga salita.

1. direksiyon
2. nagpasalamat
3. pagkakasakit
4. pangunahin
5. pinag-uusapan



## Basahin Natin

### Ang Magkakaibigan

Ako at si Abet ay laging magkasama. Kami ay magkaibigan. Nagtutulungan kami sa lahat ng bagay. Sina Romel, Rodel, at Randel ay kaibigan ko rin. Sila ay kasama ko sa paglilinis ng aming barangay.

Sama-sama kami sa pagwawalis, pagtatanim, at pamumulot ng mga kalat. Pagkatapos naming maglinis, sinasabi ko sa kanila, "Tayo nang kumain."

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

At sabay-sabay kaming kakain ng inihandang pagkain ni Nanay.




- Sino-sino ang magkakaibigan?
- Ano ang ginagawa ng magkakaibigan?
- Ano ang sinasabi ni Abet pagkatapos nilang maglinis?
- Ano ang tawag sa mga salitang may salungguhit sa kuwento?




Anumang gawain ay nagiging magaan kung sama-sama at nagtutulungan.




Punan ng angkop na panghalip panao ang mga pangungusap.

1. Sina Danica at Lea ay magsisimba.
   __________________ ay magsisimba.
2. Ikaw at ang iyong ate ay maglilinis ng bahay.
   ____________________ ay maglilinis ng bahay.
3. Ikaw at ako ay magluluto.
   ___________ ay magluluto.
4. Si Beth at ako ay maghuhugas ng plato.
   ____________ay maghuhugas ng plato.
5. Sina Tina at Bela ay mamimili sa palengke.
   _______________ ay mamimili sa palengke.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Gamitin ang mga panghalip panao sa pangungusap.

kami kayo sila tayo



## Tandaan Natin

Ang **kami**, **kayo**, **sila**, at **tayo** ay mga **panghalip panao**. Ginagamit ang **kami** at **tayo** kung tumutukoy sa taong nagsasalita at kaniyang mga kasama. **Kayo** naman ang ginagamit sa mga taong kausap ng nagsasalita at **sila** sa mga taong pinag-uusapan.



## Linangin Natin

Tukuyin ang panghalip panao na ginamit sa pangungusap.

1. Naglalaro kami ng basketbol.
2. Sila naman ay maghahanda ng pagkain.
3. Tayo ang mag-aayos ng mga plato, kutsara, tinidor, at baso.
4. Kayo naman ang magliligpit ng pinagkainan.
5. Sabay-sabay tayong aalis papuntang parke.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Basahin ang mga pangungusap na nasa kahon.

| |
|---|
| Si Abet at ako ay laging magkasama. |
| Tayo nang kumain. |
| May kaibigan ba kayong katulad ni Abet? |



## Sagutin Natin

- Paano babasahin ang pangungusap na nasa unang kahon? Ikalawang kahon? Ikatlong kahon?
- Paano isinulat ang mga pangungusap?



## Pahalagahan Natin

Sa pagbigkas ng mga salita o pangungusap, bigkasin ang mga ito nang malinaw at nang may tamang bilis, diin, ekspresyon, at intonasyon.



## Gawin Natin

Isulat nang wasto.

1. aalis kami bukas
2. maglinis tayo ng paligid
3. masakit ang ngipin ko
4. sasama ba kayo
5. malapit na ang pista

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Basahin nang wasto ang mga pangungusap.

1. Aha! Diyan ka pala nagtatago.
2. Hay, aalis na naman si Tatay.
3. Bakit ngayon ka lang dumating?
4. Sino po ang hinahanap ninyo?
5. Maaari bang umupo sa tabi mo?



## Tandaan Natin

Ang mga pangungusap ay nagsisimula sa malaking letra at nagtatapos sa angkop na bantas.



## Linangin Natin

Isulat nang wasto ang mga pangungusap. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

1. namasyal sila sa bukid
2. nakarating ka na ba sa Boracay
3. malungkot ang kaibigan ko
4. nanalo ako sa lotto
5. mamamangka ba kayo

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sulatin Natin

Sipiin nang pakabit-kabit ang mga parirala.

mahilig maglaro

laging magkasama

sabay-sabay pagkain



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 3: Napakinggang Teksto, Ipahahayag Ko



## Subukin Natin

Isulat sa sagutang papel ang **Oo** kung ikaw ay sumasang-ayon at **Hindi** kung hindi ka sang-ayon.

1. Maaaring ikuwento ang napakinggang teksto.
2. Ang -<u>aw</u>, -<u>iw</u>, -<u>ay</u>, at -<u>ey</u> ay mga kambal-katinig.
3. Pare-pareho ang mga kambal-katinig.
4. Ang ako, siya, at ikaw ay mga panghalip panao.
5. May mga salitang magkasingkahulugan.



## Basahin Natin

### Si Mang Nardo



Si Mang Nardo ay mahusay mag-alaga ng manok. Sinisiguro niyang nabibigyan ang mga ito ng tamang pagkain. Araw-araw, lagi niyang winawalisan at tinatabunan ng lupa ang mga dumi ng manok. Ayaw niyang magreklamo ang kaniyang mga kapitbahay na mabaho at marumi ang kaniyang manukan. Pagkatapos maglinis ay nakikinig siya ng drama sa radyo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Isang araw, habang siya ay kumukuha ng tubig sa dram ay nagputakan ang mga manok. Dali-dali siyang nagpunta sa kinalalagyan ng mga manok. Laking gulat niya sapagkat ang bawat kulungan ng manok ay may maraming itlog. Sa unang kulungan ay nakakuha siya ng 30 itlog, sa ikalawa ay 20, sa ikatlo ay 15, sa ikaapat ay 40, at sa huling kulungan ay 15.

Kinuha niya ang mga itlog sa bawat kulungan at inayos ayon sa laki. Nagpatulong siya sa kaniyang anak. "Itong malalaking itlog ay sa unang **tray** mo ilagay. Iyang katamtamang laki ay sa pangalawang **tray** at iyong maliliit ay sa ikatlong **tray**," sabi ni Mang Nardo sa kaniyang anak.

Masayang-masaya si Mang Nardo at marami silang maibebentang itlog sa palengke. Ang ibang itlog naman ay ibibigay niya sa kaniyang mga kapitbahay. Hindi nakakalimutan ni Mang Nardo na ibahagi sa iba ang kaniyang mga biyayang natatanggap.

DEPED COPY




- Ano ang dahilan at nagputakan ang mga manok?
- Bakit masaya si Mang Nardo?
- Ilan lahat ang nakuha niyang itlog? Paano mo nasabi?
- Bakit kaya marami siyang nakuhang itlog?
- Ano ang posibleng mangyari kung hindi niya lilinisin ang mga kulungan ng manok?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pagbabahagi ng mga bagay na mayroon tayo, maliit man o malaki ay pagpapakita ng pagiging bukas-palad sa ating kapwa.



## Gawin Natin

Piliin sa loob ng palayok ang salitang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa pangungusap.




1. Malaki ang <u>pabuya</u> na makukuha ng mananalo sa paligsahan.
2. Ang bawat <u>suliranin</u> ay may solusyon.
3. <u>Nagdamdam</u> ang nanay sa hindi pagsunod ng anak.
4. Ang mga suspek sa krimen ay <u>inaresto</u> ng mga pulis.
5. Siya ay <u>nabigla</u> sa nangyari sa kaniyang kaibigan.



## Sanayin Natin

Bigyan ng hinuha ang bawat sitwasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Unang Pangkat – Namalengke sina Lorna at Fe.
Mayamaya ay nagkagulo sa palengke.

Ikalawang Pangkat – Nagluluto si Nanay. May kumatok sa pinto. May naamoy sila sa may kusina.

Ikatlong Pangkat – Namalengke si Nanay. Nang magbabayad na siya ay wala na ang kaniyang pitaka.

Ikaapat na Pangkat – Tahimik na nag-aaral si Ruben. Mayamaya ay napasigaw ang mga kasama niya sa bahay dahil sa dilim.




- Ang isang salita ay maaaring magkaroon ng higit sa isang kahulugan.
- Ang pagbibigay ng **hinuha** ay pagbibigay ng maaaring mangyari sa nabasa o napakinggang teksto.




A. Piliin ang angkop na hinuha sa bawat sitwasyon.

1. Malalim na ang gabi. Mayamaya ay nagtahulan ang mga aso sa tapat ng aming bahay. May narinig kaming sumigaw.
   a. may bisita
   b. may maniningil
   c. may magnanakaw

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Mag-uumaga na nang magkagulo sa kabilang kalye. Inilalabas nila ang kanilang mga gamit.
   a. may sunog
   b. may nag-aaway
   c. may dumating na trak ng basura
3. May makapal at maitim na ulap sa kalangitan. Mayamaya, lumakas ang hangin.
   a. araw
   b. kukulimlim
   c. uulan



## Basahin Natin

Basahin muli ang kuwentong "Si Mang Nardo."



## Sagutin Natin

- Ano ang pang-araw-araw na gawain ni Mang Nardo?
- Paano niya inaalagaan ang kaniyang mga manok?
- Ano ang naging bunga ng mga ginagawa niya?
- Ano ang mapapansin sa mga salitang may salungguhit sa kuwento?



## Pahalagahan Natin

Panatilihin ang kalinisan ng kapaligiran sa pag-aalaga ng hayop.


DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.






Iugnay ang mga larawan na nasa Hanay A sa Hanay B. Isulat ang letra ng wastong sagot.

_____ 1.  a. dram

_____ 2.  b. droga

_____ 3.  c. **drawer**

_____4.  d. **drawing**

_____5.  e. dragon




Gumuhit ng tatlong bagay na may kambal katinig na **dr**.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang kambal-katinig ay dalawang pinagsamang katinig na bumubuo ng tunog.
Halimbawa: **dr** - **<u>dr</u>**am



## Linangin Natin

Hanapin sa loob ng kahon ang salitang angkop sa bawat pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| dram | dragon | dribol |
| drama | | drayber |

1. Maingat magmaneho ang tatay kong _____.
2. Mahilig si Nanay manood ng _____ sa telebisyon.
3. Magaling si Kuya mag______ ng bola.
4. Ang tubig sa _____ ay mapupuno na.
5. Malaki ang pagkakaguhit ng ______ sa larawan.



## Basahin Natin

Basahin muli ang kuwentong "Si Mang Nardo."



## Sagutin Natin

- Paano inayos ni Mang Nardo ang mga itlog?
- Ano ang salitang ginamit niya sa pagtuturo kung saan ilalagay ang mga itlog?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


- Basahin ang bahagi ng kuwento na ipinaliwanag ni Mang Nardo kung paano iaayos ng kaniyang anak ang mga itlog.





Ugaliing maging masinop sa lahat ng mga gawain.




Punan ng ito, iyon, at iyan ang sumusunod na pangungusap.




1. ______ ay lapis.



2. _____ ang pinakamalaking bunga ng mangga.



3. ______ ang gusto kong inumin.




4. _______ ang aking bag.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



5. _______ ay aklat.

## Sanayin Natin

Gamitin sa pangungusap ang ito, iyan, at iyon.

## Tandaan Natin

Ang **panghalip pamatlig** ay mga salitang pumapalit na panturo sa mga bagay, hayop, at lugar.

Ginagamit ang ito na panturo sa mga bagay na malapit sa nagsasalita. Ang iyan ay ginagamit sa mga bagay na malapit sa kausap ngunit malayo sa nagsasalita. Ang iyon ay ginagamit sa mga bagay na malayo sa mga nag-uusap.

## Linangin Natin

Isulat ang panghalip na pambagay na papalit sa salitang may guhit.

1. Ang hawak ko ay ang paborito kong gulay.
   __________ ay petsay.

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Bakit mo inihagis ang bola mo?
Baka mawala ________.
3. Tingnan mo ang bag na hawak ko.
_______ ay bago.
4. Ang ganda ng relo na hawak mo.
_______ ba ay regalo ng nanay mo?
5. Gagamitin mo ba ang pantasa mo?
_________ ay nais ko sanang hiramin.



## Basahin Natin

Pag-aralan ang **graph**.




- Ilang itlog ang nakuha ni Mang Nardo sa unang kulungan? Pangalawa? Pangatlo? Pang-apat? Panlima?
- Aling kulungan ang may pinakamaraming itlog?

COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Pahalagahan Natin

Sa kasipagan nagsisimula ang pag-unlad ng buhay.



## Gawin Natin

Pag-aralan ang **graph**. Unawain ang mga impormasyon at sagutin ang mga tanong.




1. Ano ang pamagat ng **graph**?
2. Ilang pagsusulit ang ipinakikita sa **graph**?
3. Alin-aling pagsusulit ang may parehong iskor?
4. Anong pagsusulit ang may pinakamababang marka?
5. Sa anong pagsusulit siya may pinakamataas na marka?




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Sagutin ang tanong pagkatapos pag-aralan ang **graph**.




1. Ano ang pamagat ng **graph**?
2. Ilang baitang mayroon sa Paaralang Elementarya ng Gat Andres?
3. Aling baitang ang may parehong bilang ng mag-aaral?
4. Aling baitang ang may pinakamalaking bilang ng mag-aaral?
5. Aling baitang ang may pinakamababang bilang ng mag-aaral?

DEPED



## Tandaan Natin

Ang paggamit ng **graph** at **table** ay isang paraan upang madaling maunawaan at mabigyan ng kahulugan ang mga impormasyon.




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Basahin at sagutin ang sumusunod:

**Bilang ng Aklat sa Bawat Seksiyon**





1. Ano ang pamagat ng **graph**?
2. Anong seksiyon ang may pinakamaraming aklat?
3. Anong seksiyon ang may pinakamababang bilang ng aklat?
4. Anong mga seksiyon ang may parehong bilang ng aklat?
5. Ilang seksiyon ang nakatanggap ng aklat?



## Sulatin Natin

Isulat ang pangungusap sa paraang kabit-kabit na may tamang laki at layo sa isa't isa.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 4: Sinabi Mo, Ramdam Ko

## Subukin Natin

Isulat ang **Oo** sa sagutang papel kung sumasang-ayon sa pahayag at **Hindi** kung hindi naman.

1. Ang mga salitang okra at drama ba ay kambal-katinig?
2. Ang akin, iyo, kaniya, at atin ay mga panghalip panao ba?
3. Ang kahulugan ba ng mga salitang di-pamilyar ay maibibigay sa pamamagitan ng kasalungat?
4. May mga uri ba ng panghalip panao?
5. Kambal katinig ba ang salitang prutas?

## Basahin Natin

Makinig sa pagbasa ng guro.

### Ang Magkaibigan



Sina Ben at Lino ay magkaibigan. Isang araw, nagkita sila sa palaruan. Dala-dala ni Lino ang laruang padala ng kaniyang ama. Pakinggan natin ang kanilang usapan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ben : Wow! Ang ganda naman ng laruan mo!

Lino : Padala ito sa akin ni Tatay.

Ben : Bakit parang hindi ka masaya? Sabihin mo sa akin at ako'y makikinig.

Lino : Gusto ko na kasing makita si Tatay. Sa isang taon pa siya makauuwi. Palagi namin siyang iniisip at ipinagdarasal.

Ben : Malungkot ka pala. Halika at paglaruan na lang natin ang mga maliliit na kotseng iyan. Tingnan natin kung alin sa mga kotseng iyan ang pinakamabilis.

Lino : Sige, iyo na ang kotseng pula at akin ang kotseng asul.

Nag-unahan sa pagkarera ng kotse ang mga bata.

Ben : Hayan, masaya ka na.

Lino : Oo, mag-unahan tayo sa pagkarera ng kotse.

Ben : Yehey! Tiyak mananalo ako.



**Sagutin Natin**

- Sino ang magkaibigan?
- Ano ang dala-dala ni Lino sa palaruan?
- Ano ang damdamin ni Ben nang sabihin niyang "Wow! Ang ganda naman ng laruan mo?"
- Ano ang sinambit ni Ben sa pahayag ni Lino na "Gusto ko kasing makita si Tatay?"
- Paano naipahayag ni Lino ang kaniyang kalungkutan kay Ben?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pagpapahiram ng laruan o anumang bagay na mayroon ka ay bahagi ng pakikipagkaibigan.



## Gawin Natin

Makinig sa pagbasa ng guro upang matukoy ang damdaming ipinahahayag ng bawat pangungusap.

1. “Hay, umalis na si Tatay patungong Saudi Arabia. Matagal na naman bago kami magkita.”
2. “Yehey, manonood kami ng sine!”
3. “Ay! Nawalan ng kuryente.”
4. “Gabi na. Bakit nasa lansangan ka pa?”
5. “Naku! Ang dilim-dilim dito. Bakit parang may matang mapupula sa may dulo ng lagusan.

| | |
|---|---|
| nagalit | natakot |
| nagulat | natuwa |
| nalungkot | |



## Sanayin Natin

Isulat sa sagutang papel ang mga salitang gulat, tuwa, at lungkot kung akma sa pangungusap.

1. Yehey! Nanalo kami sa laro.
2. Nawawala ang pitaka ko.
3. Ha! Nasunog ang bahay nila?
4. Saan ka nanggaling? Kanina pa kita hinahanap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang mga pangungusap ay maaaring nagpapahayag ng iba't ibang damdamin tulad ng lungkot, tuwa, inis, takot, galit, panghihinayang, at iba pa.

## Linangin Natin

Isulat sa sagutang papel ang tamang letrang nagsasaad ng tamang damdamin ayon sa salitang may salungguhit.

1. Napabulyaw at nasabi niya nang malakas, "Ay, kabayo!" dahil sa matinding gulat.
   a. lungkot  c. panghihinayang
   b. pagkabigla
2. Nanlaki ang kaniyang mga mata nang makitang may ibang gumamit ng kaniyang damit.
   a. inis  c. galit
   b. tuwa
3. "Naku, kinikilabutan at naninindig ang aking balahibo! Anong lugar kaya ito?"
   a. gulat  c. pagkabigla
   b. takot
4. "Aha! Diyan ka lang pala nagkukubli o nagtatago. Ikaw na ang bagong taya."
   a. inis  c. pagkagulat
   b. tuwa

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

5. “Yehey, <u>tumama</u> at nanalo ng malaking halaga ang nanay ko sa paligsahan.”
   a. tuwa  c. pagkabigla
   b. lungkot



## Basahin Natin

### Ang Batang si Prado



Hilig ni <u>Prado</u> ang kumain. Paborito niya ang <u>pritong</u> manok at iba’t ibang uri ng <u>prutas</u>. Hindi siya nagtitira ng pagkain sa pinggan dahil alam niyang maraming bata ang nagugutom.

Isang araw, may bagyong dumating. Umapaw ang ilog at nasira ang mga bahay dahil sa baha. Lumikas ang mga tao at tumuloy sa **evacuation center**.

Narinig ni Prado ang balita tungkol sa mga nawalan ng bahay. Hinikayat niya ang kaniyang mga magulang na tumulong sa mga naapektuhan ng pagbaha. Nanguna siya sa pagbibigay ng pagkain at laruan sa mga bata. Lahat ay natuwa sa



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

kaniyang kabaitan. Ipinagmamalaki siya ng kaniyang mga magulang dahil sa murang edad ay marunong na siyang tumulong sa kapwa.



## Sagutin Natin

- Ano ang hilig gawin ni Prado?
- Paano niya inaalala ang mga batang nagugutom?
- Anong magandang katangian niya ang hinangaan ng lahat?
- Ikaw, paano ka tumutulong sa mga nangangailangan?
- Itala ang mga salitang may salungguhit sa kuwento.
- Anong kambal katinig ang mabubuo mo sa sagot na nasa panlima upang ibahagi sa mga taong nagugutom?



## Pahalagahan Natin

Ang pagbibigay ay isang paraan ng pakikipagkapwa-tao.



## Gawin Natin

Sipiin ang naiiba sa pangkat.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | patas | prutas | patatas |
| 2. | payong | pinto | prinsipe |
| 3. | payo | palito | presyo |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. presko palo pato
5. piso preno pito

## Sanayin Natin

Basahin ang kambal katinig na tinutukoy. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

produkto presko prinsesa preno premyo

1. biglaang paghinto ng sasakyan
2. kalakal na dinadala sa mga lungsod at lalawigan
3. sariwang hangin
4. napanalunang pera o bagay
5. anak na babae ng hari at reyna

## Tandaan Natin

Ang **kambal-katinig** ay maaaring nasa **unahan**, **gitna**, at **hulihan**.

Hal. prinsesa sorpresa presyo

## Linangin Natin

Isulat kung nasa unahan, gitna, o hulihan ang kambal-katinig na ginamit sa sumusunod.

______ 1. sorpresa
______ 2. presyo
______ 3. prinsipe
______ 4. nagprusisyon
______ 5. produkto



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

Basahin muli ang kuwentong "Ang Magkaibigan."

## Sagutin Natin

- Saan nagkita ang magkaibigan?
- Kanino napunta ang kotseng asul?
- Paano ito sinabi ni Lino?
- Kanino napunta ang pulang kotse?
- Paano niya sinabi ito?
- Anong uri ng salita ang akin at iyo?
- Kailan ginagamit ang mga salitang nabanggit?

## Pahalagahan Natin

Ang pakikipaglaro ay isang paraan upang maging masaya ang samahan ng magkaibigan.

## Gawin Natin

Salungguhitan ang panghalip na panao sa kaukulang paari. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Huwag mong kalimutang maghugas ng iyong mga kamay.
2. Naikuha mo ba siya ng kaniyang pagkain?
3. Ang aking baon ay inihanda na ni Nanay.
4. Ang mga pangangailangan namin ay naibibigay ng aming magulang.
5. Ang mainit na gatas ay mabuti sa ating katawan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

Pumili ng tatlong panghalip na nasa kahon at gumawa ng pangungusap ukol dito. Gawin ito sa sagutang papel.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| akin | iyo | kaniya | atin | inyo | kanila | amin |

## Tandaan Natin

Ang panghalip na pumapalit sa ngalan ng tao na nagmamay-ari ay tinatawag na **panghalip panao na paari.** Ito ay maaaring isahan o maramihan. Ang akin, ko, atin, natin, amin, at naming ay ginagamit ng taong nagsasalita. Samantalang ang iyo, mo, inyo, at ninyo ay ginagamit sa kausap. Ang kaniya, niya, kanila, at nila ay ginagamit sa pinag-uusapan.

## Linangin Natin

A. Piliin ang tamang panghalip na panao na paari para sa pangngalang may salungguhit. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Ako si Ben. Pinangangalagaan ni Ben ang pagkakaibigan namin ni Lino.

   mo ko iyo



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Ikaw si Isabel. Ako si Ana. Ang pagkakaibigan nina Isabel at Ana ay matatag.
   namin ninyo natin
3. Siya si Lito. Ako si Tonyo. Ang samahan nina Lito at Tonyo ay parang magkapatid.
   namin ninyo natin
4. Ang isipan ng mga kabataan ay dapat na ituon sa pag-aaral.
   nila namin ninyo



### Basahin Natin

Mga Dapat Tandaan sa Pagsulat

1. Hawakan ang lapis nang isang pulgada ang layo mula sa dulo ng daliring hinlalaki, hintuturo, at gitnang daliri.
2. Iayos ang papel sa **desk**. Ipatong sa bandang itaas nito ang kanan o kaliwang kamay.
3. Magsulat mula kaliwa-pakanan.
4. Magsulat nang marahan at may tamang diin.

DEPED COPY



### Sagutin Natin

- Ano-ano ang dapat tandaan sa pagsulat?
- Bakit dapat tama ang paraan sa pagsulat?
- Sa inyong palagay, gaganda ba ang sulat kung walang susunding panuntunan?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Sundin ang mga panuntunan sa pagsulat upang maging maayos at wasto ang pagsulat at pagsipi.




## Gawin Natin

Isulat ang malalaking letra ng Alpabetong Filipino.



## Sulatin Natin

Sipiin ang mga malalaking letra sa paraang kabit-kabit. Sundan ang modelo sa ibaba.




D COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Isulat ang mga salitang ididikta ng guro.



## Tandaan Natin

Ang mga **tiyak na ngalan** ng tao, bagay, lugar, o hayop ay nagsisimula sa malaking letra.



## Linangin Natin

Magsulat ng limang salita na nagsisimula sa malaking letra.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 5:  Kuwento Mo, Pakikinggan Ko!

## Subukin Natin

Sagutin ng **Tama** o **Mali**. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Ang mga kuwento ay muling naisasalaysay sa pamamagitan ng **graphic organizer**.
2. Ang krayola ay salitang may kambal katinig.
3. Ang mga salitang sino, ano, alin, kanino, at saan ay mga panghalip pamatlig.
4. Ang kasalungat ng mariwasa ay mahirap.
5. Ang kasingkahulugan ng salitang marungis ay mabango.

## Basahin Natin

### Si Carlo at si Felix



Si Carlo at si Felix ay magkaibigan. Nakaugalian na nila na magpunta sa bukid pagkatapos ng gawaing bahay.

Minsan, sa pagdating ni Felix, nakita niyang tulog si Carlo. Mayamaya ay nakakita siya ng malaking

DepEd COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

ahas sa ilalim ng punong mangga at tila tutuklawin ang kaniyang kaibigan.


Napasigaw nang malakas si Felix, “Ahas!” “Ahas!” At halos napapikit ang mga mata ni Felix samantalang iminulat naman ni Carlo ang kaniyang mga mata. Dali-daling bumangon si Carlo at sabay silang tumakbo palayo sa bukid. Pagkatapos ng pangyayaring iyon, lalong tumibay ang pagkakaibigan ng dalawa .



## Sagutin Natin

Sagutin ang tanong. Isulat ang sagot sa **graphic organizer.**

- Ano ang pamagat ng kuwento?
- Sino-sino ang tauhan?
- Saan ito naganap?
- Ano ang naging problema sa kuwento?
- Paano nasolusyonan ang problema?






## Pahalagahan Natin

Kapag ang problema ay nalampasan, mas tumatatag ang samahan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## Gawin Natin

Basahin ang kuwento at sagutin ang mga tanong gamit ang **graphic organizer**.

### Si Lito

Si Lito ay batang palasagot. Isang araw, maagang umuwi mula sa paaralan si Gng. Santos. Narinig niyang sinisigawan ni Lito ang kasambahay. Pinagsabihan niya itong pumasok sa kuwarto at kinausap. Paglabas nila ng silid, pinuntahan ni Lito si Lita na kasambahay at humingi ng paumanhin.

COPY




1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Saan ito nangyari?
3. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
4. Ano ang naging problema sa kuwento?
5. Paano ito nabigyan ng solusyon?




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

Makinig sa pagbasa ng guro. Gumawa ng **graphic organizer** mula sa teksto at ikuwento sa klase.

**Si Melissa**

Malakas ang ulan. Habang naghihintay si Melissa ng dyip ay may isang babaeng dumating na walang payong. Pinasukob ni Melissa sa payong ang babae hanggang sa pareho na silang nakasakay sa dyip. Nagpasalamat ang babae sa kagandahang loob na ipinakita ni Melissa.




1. Ano ang pamagat ng kuwento?
2. Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
3. Ano-anong nangyari sa kuwento?
4. Ano ang naging problema sa kuwento?
5. Paano ito nabigyan ng solusyon?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang mga kuwento ay muling naisasalaysay sa pamamagitan ng **graphic organizer**.



## Linangin Natin

Hintayin ang pagbasa ng guro. Gumawa ng **graphic organizer** upang maikuwentong muli ang teksto.

### Pagkakabigkis


Isang araw, narinig ni Nanay na nagsisigawan ang kaniyang mga anak. Lungkot na lungkot siya kaya naisip niyang bigyan sila ng aral. Pinatawag niya ang mga ito upang ipatanggal ang agiw sa kani-kanilang kuwarto gamit ang tatlong pirasong tingting. Nalungkot sila sapagkat hindi lubusang natanggal ang agiw. Naisip nilang pagsama-samahin ang mga tingting at magtulong-tulong sa paglilinis ng bawat silid. Doon nila nakita ang kahalagahan ng pagsasama-sama.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin



Unang araw ng Disyembre. Malapit na ang Pasko. Tuwang-tuwa si Lea sapagkat may nakita siyang **Christmas tree** sa kanilang tahanan. Kumuha siya ng lapis at papel upang ilista ang mga pangalan ng bibigyan niya ng regalo. Pagkatapos, gumawa siya ng kard gamit ang krayola at papel. Isinulat niya ang nais niya para sa Pasko at isinabit ito sa **Christmas tree**.

## Sagutin Natin

- Ano ang nakita ni Lea?
- Bakit siya tuwang-tuwa?
- Paano niya naipakita ang pakikipagkapwa-tao?
- Ibigay ang ginamit niyang pansulat sa paggawa ng kard.
- Ano ang tawag sa salitang may salungguhit sa pangungusap?

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Ang pagbibigay ng regalo o anumang bagay ay pagpapakita ng pagmamahal sa kapwa.

## Gawin Natin


Kopyahin sa kuwaderno ang ngalan ng mga larawan at bilugan ang kambal-katinig na makikita rito.



1. krus



2. krudo



3. krayola

## Sanayin Natin

Gawin ito sa kuwaderno. Gumawa ng mga pangungusap gamit ang mga salitang:

krus krudo krayola

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang **kr** ay halimbawa ng kambal-katinig.

## Linangin Natin

Gumuhit ng limang larawan na may kambal-katinig na <u>kr</u>.

## Basahin Natin

Sabado, pinagbihis ng nanay si Mely. Sila ay pupunta sa pamilihan. Pakinggan natin ang kanilang usapan.



Nanay: Mely, magbihis ka.
Mely: **Saan** po tayo pupunta, Nanay?
Nanay: Sa palengke. Bibili tayo ng ating uulamin.
Mely: **Ano** po ang bibilhin natin?
Nanay: Bibili tayo ng karne, manok, gulay, at isda.
Mely: **Alin** po ang uunahin natin?
Nanay: Ang isda para makabili tayo ng sariwa.
Mely: **Kanino** po kayo bibili ng isda?
Nanay: Kay Aling Bebang, suki niya ako sa isda.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Mely: Ganoon po ba? **Ilan** naman po ang bibilhin natin?

Nanay: Siguro mga isang kilo. Tayo na at baka tanghaliin pa tayo sa pamimili. Kailangang makaluto ako agad upang mabigyan natin ng pagkain ang mga lolo at lola mo.



## Sagutin Natin

- Saan pupunta sina Mely at Nanay?
- Ano-ano ang bibilhin nila?
- Alin ang kanilang uunahin?
- Ilan ang isdang bibilhin nila?
- Kanino sila bibili ng isda?
- Ano ang tawag sa mga salitang ginamit sa pagtatanong?



## Pahalagahan Natin

Naipakikita ang paggalang sa mga matatanda sa pamamagitan ng paggamit ng po at opo.



## Gawin Natin

Basahin ang mga pangungusap. Isulat ang angkop na salitang pananong sa bawat pangungusap.

1. Ang mga bata ay mamamasyal.
   _______________ ang mga mamamasyal?
2. Pupunta sila sa palaruan.
   _________ sila pupunta?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Anim silang pupunta sa palaruan.
   ________ ang pupunta sa palaruan?
4. Magpapaalam sila sa kanilang nanay upang payagan.
   ________ sila magpapaalam?
5. Magdadala sila ng tinapay at tubig upang hindi sila magutom.
   _________ ang dadalhin nila upang hindi sila magutom?



## Sanayin Natin

Isulat sa kuwaderno ang panghalip pananong na ginamit sa bawat pangungusap.

1. Saan ka pupunta?
2. Ilan kayong magkakapatid?
3. Ano ang iyong gagawin?
4. Kailan ka mamalengke?
5. Kanino mo isasauli ang lapis?



## Tandaan Natin

Ang mga salitang sino, ano, alin, kanino, ilan, at saan ay mga **panghalip pananong**. Ginagamit ito na pamalit sa ngalan ng tao, bagay, at lugar sa pagtatanong.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Isulat sa sagutang papel ang mga panghalip pananong na ginamit sa pangungusap.

1. Sino ang kasabay mo pagpasok sa paaralan?
2. Kanino ka nagpapaalam kapag aalis ng bahay?
3. Ilan ang mga kamag-aral mo?
4. Ano ang baon mo araw-araw?
5. Saan ka nag-aaral?

## Basahin Natin

Sina Jack at Jill ay kambal ngunit lagi silang magkaiba sa damdamin at gawain.

Sina Juan at Juana ay kambal din ngunit magkapareho sila sa damdamin at gawain. Kung ano ang nais gawin ni Juan, ganoon din ang gusto ni Juana. Kung malakas ang boses ni Jack, mahina naman ang kay Jill. Si Juan ay matangkad at si Juana ay mataas din. Si Jack ay mataas ngunit si Jill ay maliit. Isang araw, naglaro ang dalawang pares ng kambal. Nanalo sa paligsahan sina Juan at Juana. Malungkot si Jill ngunit maligaya pa rin si Jack. Sa kabila ng pagkatalo, kinamayan pa rin nina Jack at Jill sina Juan at Juana.

Si Juan naman ay tuwang-tuwa at si Juana ay masayang-masaya rin. Maya-maya ay tinawag na sila ng kani-kanilang magulang.

DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

Sagutin ang mga tanong gamit ang **caterpillar organizer** sa pagbibigay ng impormasyon. Ilarawan sina Jack, Jill, Juan, at Juana.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Ang pagiging isport ay ugaliin kapag nakikipaglaro.



## Gawin Natin

Isulat sa patlang ang **<u>MS</u>** kung magkasing-kahulugan at **<u>MK</u>** kung magkasalungat ang pares ng mga salita.

_____ 1. mataas – mababa
_____ 2. tahimik – payapa
_____ 3. maulan – maaraw
____ 4. sigaw – hiyaw
____ 5. tulak – hila



## Sanayin Natin

Hintayin ang hudyat ng guro.

A. Hanapin ang mga salitang magkasingkahulugan sa bawat pangungusap. Isulat ito sa sagutang papel.
   1. Ang marikit na dalaga ay may magandang buhok.
   2. Si Ana ay mataba at si Eva ay malusog din.
   3. Si Joel ay mahusay umawit. Si Ramon naman ay magaling sumayaw.

B. Salungguhitan ang mga salitang magkasalungat sa bawat parirala.
   1. maalong dagat at tahimik na batis
   2. buntot na mahaba at maikli
   3. hanging malakas at hanging mahina

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang mga salita ay maaaring magkasingkahulugan o magkasalungat. **Magkasingkahulugan** ang mga salita kung magkatulad o magkapareho ang kahulugan. **Magkasalungat** ang mga salita kung magkaiba o magkabaligtad ang kanilang kahulugan.



## Linangin Natin


Basahin ang pares ng mga salita. Isulat ang **MK** kung magkasingkahulugan at **MS** kung magkasalungat.

_____ 1. tamad–masipag
_____ 2. dukha–mahirap
_____ 3. mayaman–mapera
____4. magaan–mabigat
____5. luntian–berde



## Sulatin Natin

Isulat ang mga maliliit na letra sa paraang kabit-kabit na may tamang laki at layo sa isa't isa. Sundan ang modelo.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 6: Komunikasyon, Daan sa Pag-unlad ng Edukasyon

**Subukin Natin**


Isulat sa sagutang papel ang **Oo** kung sang-ayon ka sa isinasaad na pangungusap at **Hindi** kung hindi naman.

1. Nakabubuo ng bagong salita buhat sa isang salita sa pamamagitan ng pagpapalit ng mga letra nito.
2. Ang masaya at maligaya ay magkasingkahulugan.
3. Ang mga pangyayari sa kuwento ay dapat naisasalaysay ayon sa pagkakasunod-sunod.
4. Ang mga pang-ugnay na salita ay magagamit sa pagsusunod-sunod ng pangyayari sa kuwento.
5. Ang ito, iyan, at iyon ay panghalip pamatlig na patulad.

**Basahin Natin**

DEPED COPY

## Ang Magkakaibigan at ang Pulubi



Sabado, nagpaalam ang magkakaibigang sina Eric, Rico, at Thomas sa kanilang mga magulang na mamamasyal sa parke. Sa kanilang paglalakad, napansin nila ang isang



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

batang gusgusin na may suot na maruming damit.

Eric : Kawawa naman ang bata. Yayain natin siyang sumali sa laro natin.
Rico : Oo nga.

Niyaya nila ang batang pulubi na sumama sa kanila sa pamamasyal at hinikayat na maglaro sa parke. Nag-**seesaw** sina Eric at Rico samantalang naghabulan naman sina Thomas at ang bata.

Sa kanilang pagtakbo, hindi napansin ng bata ang nakausling bato kaya siya ay nadapa.

Batang pulubi: Aray! Dumudugo ang aking tuhod.

Ganoon na lamang ang iyak ng bata. Napalingon sina Eric, Rico, at Thomas at dali-daling lumapit sa bata. Umuwi ang magkakaibigan sa bahay nina Eric upang magamot ang sugatang bata. Ngunit hindi nila alam kung paano ito gagamutin, nagkataong wala ang kaniyang ina. Naisip ni Eric na tawagan sa telepono ang kaniyang tiyahin na si Tiya Beth.

Ganito ang naging takbo ng kanilang usapan.

Eric : Hello, Tiya Beth, si Eric po ito. Kumusta na po kayo?
Tiya Beth: Hello, Eric! Mabuti naman ako. Bakit napatawag ka?
Eric : Nagdugo po kasi ang tuhod ng aking kaibigan, paano po namin siya gagamutin?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Tiya Beth: Una, hugasan ng sabon at malinis na tubig ang kaniyang sugat. Pangalawa, punasan ito ng malinis na bimpo. Pangatlo, lagyan mo ng gamot para sa sugat. Pagkatapos, balutan ang sugat ng gasa.

Eric : Maraming salamat po, Tiya Beth.



## Sagutin Natin

- Bakit nagpaalam ang magkakaibigang Eric, Rico, at Thomas sa kanilang mga magulang?
- Sino ang nakita nila sa parke? Ilarawan ang bata sa parke.
- Ano-ano ang ginawa ng magkakaibigan at ng bata sa parke?
- Bakit nadapa ang bata? Nangyari na ba ito sa iyo?
- Paano tinulungan ng magkakaibigan ang batang pulubi?
- Ayon kay Tiya Beth, paano gagamutin ang sugat ng pulubi?
- Kung kaibigan mo ang sugatang bata, paano mo siya tutulungan?



## Pahalagahan Natin

Ang pagsaklolo sa taong humihingi ng tulong ay gawaing mabuti.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Iayos ang mga pangyayari ayon sa kuwentong binasa sa pamamagitan ng paglalagay ng bilang 1-5 sa patlang. Gawin ito sa sagutang papel.

_______ Nadapa ang batang pulubi.
_______ Nagpunta ang magkakaibigan sa parke.
_______ Ginamot ng magkakaibigan ang sugatang bata.
_______ Tinawagan ni Eric ang kanyang tiyahin sa telepono upang humingi ng tulong.
_______ Nagpaalam ang magkakaibigang Eric, Rico, at Thomas sa kanilang mgamagulang.



## Sanayin Natin

Buuin ang mga talata. Isulat sa patlang ang pang-ugnay na una, pangalawa, at pagkatapos. Gawin ito sa kuwaderno.

1. Maagang nagising si Rona. Ang ______________ niyang ginawa ay nagdasal. ______________, itinupi niya ang kumot sa kaniyang higaan. _________ naman ay ang pagkain niya ng almusal.
2. Maligayang-maligaya si Joy. ____________, may bumati sa kaniya ng "Maligayang Kaarawan." ______________, may nag-abot sa kaniya ng regalo. At ______________ ay inawitan siya ng kaniyang kamag-aral.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Tandaan Natin

Ang mga pangyayari sa kuwento ay napagsusunod-sunod sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang pang-ugnay tulad ng una, pangalawa, sunod, pagkatapos, at huli.

## Linangin Natin

A. Basahin ang kuwento.

### May Bisita

Linggo, nagbabasa ng aklat si Fe nang may kumatok. "Tao po! Nandiyan po ba si Flor?" "Sino po kayo?" ang tanong ni Fe sa estranghero. "Ako si Belen, kaibigan ni Flor." Tinawag ni Fe ang kaniyang ina, "Inay, may naghahanap po sa inyo. Siya raw po si Aling Belen." Lumapit ang ina ni Fe at binuksan ang pinto. Binati ni Flor ang bisita. "Magandang umaga! Ano ang sadya mo?" wika ni Flor. "Iimbitahan lamang kita at ang iyong pamilya sa binyag ng aking anak," sagot ng bisita. "Sige makakaasa ka," tugon ni Flor. At umalis na ang bisita.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Gumuhit ng apat na biluhaba at isulat sa loob ng bawat isa ang mga pangyayari sa kuwento. Kulayan ang biluhaba ayon sa pagkakasunod-sunod ng kuwentong "May Bisita." Gawin ito sa sagutang papel. Sundin ang hinihinging kulay:

Una – kahel  Pangatlo – lila
Pangalawa – dilaw  Huli – berde






1. Napansin nila Eric, Rico, at Thomas ang isang batang gusgusin na may suot na maruming damit.
2. Niyaya nila ang batang pulubi na sumama sa kanila at hinikayat na maglaro.




- Ibigay ang mga salitang may salungguhit sa binasa.
- Ano ang masasabi mo sa bawat pares ng salita?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Pahalagahan Natin

Mahalagang malaman ang tamang kasingkahulugan ng mga salita upang mas madaling maunawaan ang isang teksto.



## Gawin Natin

Sipiin ang kasingkahulugan ng salitang may salungguhit sa bawat pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Kahit <u>madungis</u> ang pulubi ay hindi ito pinagtawanan ni Berto.
   (marumi, malinis, mabango)
2. Tumulong sa paglilinis ang magkakaibigan kaya <u>maaliwalas</u> ang paligid.
   (malinis, madumi, makalat)
3. <u>Maiingay</u> ang mga bata habang nakapila papunta sa kantina ng paaralan.
   (tahimik, maaayos, magugulo)
4. Tinulungan ni Thomas ang nadapang bata dahil sa pagtakbo nang <u>matulin</u>.
   (mabagal, mahina, mabilis)
5. May sakit ang <u>maarugang</u> ina ni Eric kaya siya ang gumagawa ng gawaing bahay.
   (pabaya, maalaga, makasarili)



## Sanayin Natin

Hintayin ang panuto ng guro.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Pangkat 1: Magbigay ng limang pares ng salitang magkasingkahulugan na tumutukoy sa sumusunod na larawan.





Pangkat 2: Hanapin ang kasingkahulugan ng mga salitang nakasulat sa hawak mong **flash card** sa mga salitang nakakalat sa silid-aralan.

Pangkat 3: Isulat sa sagutang papel ang kasingkahulugan ng sumusunod na salita:

1. malambot
2. mataas
3. pango
4. malawak
5. mahirap



## Tandaan Natin

**Magkasingkahulugan** ang dalawang salitang pareho o magkatulad ang ibig sabihin.

Halimbawa: maganda – marikit
masarap – malinamnam
mayaman – sagana

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Hanapin sa Hanay B ang kasingkahulugan ng Hanay A. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. maliksi | sarat |
| 2. pango | matipid |
| 3. masinop | mabaho |
| 4. masangsang | malakas |
| 5. mahalimuyak | mabango |



## Basahin Natin

Basahing muli ang kuwentong "Ang Magkakaibigan at ang Pulubi."



## Sagutin Natin

- Ano-anong salita ang binilugan sa kuwento?
- Sa iyong palagay, alin sa mga salita na binilugan ang tumutukoy sa kilos o gawa ng nagsasalita?
- Alin naman ang tumutukoy sa kilos o gawa ng malapit sa kausap?
- Aling salita mula sa binilugan ang tumutukoy sa kilos o gawa ng malayo sa nagsasalita?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Mahalaga ang tamang paggamit ng paghalip pamatlig na patulad upang matukoy ang itinuturong pangngalan.

## Gawin Natin

Buuin ang diyalogo sa pamamagitan ng paggamit ng tamang panghalip pamatlig na patulad. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Inay, para kanino po iyan?

Mga anak, para ito sa mga batang lansangan. (1)________ ang paraan ko upang makatulong sa ating kapwa.

(2)______ ang gawaing makakalikasan. Tutulungan na kita upang mapadali ang iyong gawain.

Salamat, Berto.

Tingnan mo Lisa ang ating ama. (3)_________ ang gagawin ko paglaki ko. Tutulong ako sa ating pamayanan.

Ako rin, Ate Lorna. Tiyak matutuwa sa atin ang ating mga magulang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Hintayin ang hudyat ng guro. Bumuo ng apat na pangkat. Bawat pangkat ay gagawa ng dula-dulaan na nagpapakita ng pakikipagkapwa-tao gamit ang mga panghalip pamatlig na patulad.



## Tandaan Natin

Ang salitang ginagamit upang ituro ang mga gawa at pangyayari ay tinatawag na **panghalip pamatlig na patulad.** Ang ganito ay tumutukoy sa kilos o gawa ng nagsasalita, ang ganyan ay tumutukoy sa kilos ng kinakausap o malapit sa kinakausap, at ang ganoon ay tumutukoy sa kilos na malayo sa nagsasalita at sa kinakausap.



## Linangin Natin

Piliin ang wastong panghalip pamatlig na dapat gamitin sa bawat pangungusap. Isulat ito sa kuwaderno.

1. Tingnan mo. (Ganito, Ito, Dito) ang paghawak sa kutsara. (*Hawak ng nagsasalita ang kutsara.)*
2. (Hayan, Niyan, Ganyan) nga ang tamang paghawak sa lapis. (*Nagsusulat ang kausap.)*
3. (Ganito, Nito, Ito) Eliza ang pagwawalis. (*Nagwawalis ang nagsasalita.)*




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. (Niyon, Ganoon, Yaon) ang yari ng damit na nais kong gayahin. (*Itinuturo ng nagsasalita sa kausap ang damit mula sa malayo.)*
5. (Ganito, Nito, Ito) ang ginawa ni Josefa noon kaya siya nanguna sa klase. (*Nag-aaral ng aralin ang nagsasalita.)*



## Sulatin Natin

Sipiin nang wasto at maayos ang mga salita sa paraang kabit-kabit. Sundan ang modelo na nasa ibaba.






## Basahin Natin

A.

| |
|---|
| sabi - sabik |
| baha - bahag |

B.

| |
|---|
| patak - pata |
| dagat - daga |

C.

| |
|---|
| baro - laro |
| lata - mata |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang napapansin mo sa mga salita sa Hanay A?
- Ano ang nangyari sa mga salita sa Hanay B?
- Anong pagbabago ang naganap sa Hanay C?



## Pahalagahan Natin

Ang masusi at matiyagang pagsulat at pagsipi ng mga letra ng bawat salita ay kinakailangan upang manatili ang kahulugan ng isang salita at diwa ng pangungusap.



## Gawin Natin

Isulat sa sagutang papel ang letra na ipinalit sa mga salita na nasa Hanay A upang mabuo ang mga salita sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. maso | paso |
| 2. paso | laso |
| 3. tila | pila |
| 4. bata | pata |
| 5. bako | pako |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Itala sa sagutang papel ang mga letra na tinanggal o binawas sa Hanay A na naging dahilan upang mabuo ang mga salita sa Hanay B.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. basag | basa |
| 2. itak | Ita |
| 3. sukat | suka |
| 4. salat | sala |
| 5. salot | salo |
| 6. rosal | Rosa |



## Tandaan Natin

Makabubuo ng bagong salita sa pamamagitan ng pagpapalit, pagdaragdag, at pagbabawas ng titik.

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| masa | - | kasa |
| taga | - | tagak |
| lasap | - | lasa |

DepED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

Tukuyin kung ang ginawa sa bawat pares ng salita ay pagpapalit, pagdadagdag, o pagbabawas.

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. | bakal | – | bakas |
| 2. | lola | – | bola |
| 3. | bahay | – | baha |
| 4. | sabi | – | sabik |
| 5. | pawid | – | pawis |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 7: Karanasan Ko, Iuugnay Ko


## Subukin Natin

Isulat sa sagutang papel ang **Tama** o **Mali** batay sa pahayag.

1. Ang kambal-katinig ay binubuo ng dalawang katinig at isang patinig sa isang pantig.
2. Ang salitang sobre ay may isang pantig.
3. Marami sa kanila ang hindi nakadalo sa pagdiriwang. Ang may salungguhit ay halimbawa ng panghalip panao.
4. Sila ang naunang dumating. Ang salitang sila ay nasa kailanang maramihan.
5. Ang ako, mo, ikaw, at siya ay mga panghalip panao na tumutukoy sa iisang tao.

## Basahin Natin

### Sorpresa kay Sophia



Masayang umuwi sa kanilang tahanan si Sophia. Pagpasok niya sa kanilang bahay ay nakita niya ang isang bag na may disenyong pusa. Matagal na niyang gustong magkaroon nito. Nakita siya ng kaniyang nanay at sinabing “Para sa iyo iyan, anak, dahil nanalo ka sa patimpalak at nag-uwi ng bronseng medalya.” Sobrang natuwa si Sophia. Inilapag niya ang kaniyang dalang libro, niyakap ang ina, at nagpasalamat.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Sino ang batang masayang umuwi sa kanilang tahanan?
- Ano ang nakatawag-pansin sa kaniya?
- Para kanino ang kaniyang nakitang bag?
- Bakit binigyan si Sophia ng kaniyang nanay ng bag?
- Ano ang kaniyang naramdaman nang malaman niyang para sa kaniya iyon?
- Naranasan mo na bang makatanggap ng sorpresa mula sa iyong nanay? Bakit ka niya binigyan ng sorpresa?



## Pahalagahan Natin

Kapag ang bata'y mabait at masunurin, tiyak na may gantimpala siyang aanihin.



## Gawin Natin

A. Sipiin ang mga salitang magkasingkahulugan sa mga pangungusap. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Masayang umuwi sa kanilang tahanan si Sophia. Masigla siyang pumasok ng bahay.
2. Matagal na niyang gustong magkaroon ng bag na may disenyong pusa. Kulay rosas ang nais niyang kulay.


DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


3. Sobrang natuwa si Sophia kaya labis ang pasasalamat sa ina.
4. Nakita niya ang kaniyang ina na nakatanaw sa kaniyang pagdating.

B. Pansinin ang mga larawan. Isulat ang tsek sa sagutang papel (✓) kung nangyari na sa iyo ang nasa larawan at ekis (×) kung hindi pa.









## Sanayin Natin

Hintayin ang panuto ng guro.

Pangkat 1 – Iguhit ang pinakamasayang sorpresang natanggap mo sa paaralan.

Pangkat 2 – Sumulat ng pangungusap tungkol sa pinakamagandang sorpresang naranasan mo.

Pangkat 3 – Ipakita sa pamamagitan ng pag-arte o maikling dula-dulaan ang pinakamasaya mong sorpresang naranasan sa iyong guro.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Pangkat 4 – Ipakita sa pamamagitan ng pag-arte o maikling dulaan ang pinakamasayang sorpresa na naranasan mo sa iyong kaibigan.



## Tandaan Natin

Ang tao ay may iba't ibang karanasan sa iba't ibang sitwasyon ng lipunan. Ito'y nagtuturo sa kaniya ng bagong aral upang mas lalong maging mahusay at matatag sa buhay.



## Linangin Natin

Iguhit mo ang pinakamagandang sorpresang natanggap mo.

1. kasayahan sa kaarawan
2. Kapaskuhan



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong "Sorpresa Kay Sophia."



## Sagutin Natin

- Ano ang mga salitang may salungguhit?
- Ano ang kayarian ng mga salitang ito?
- Pantigin ang salitang <u>bronse</u>.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Maging mapagpasalamat sa lahat ng natatanggap.

## Gawin Natin

Basahin ang mga salita at pantigin. Bigkasing muli ang mga salitang may kambal-katinig.

| | | |
|---|---|---|
| braso | bruha | Brenda |
| brigada | brilyante | bronse |

## Sanayin Natin

Pangkat 1 – Magtala ng limang salita na may kambal-katinig na <u>br</u>.

Pangkat 2 – Gumuhit ng larawan na nagsisimula sa kambal-katinig na <u>br</u>.

Pangkat 3 – Gumawa ng tig-iisang pangungusap na may sumusunod na salita at basahin sa klase.

braso　　bruha　　bronse

Pangkat 4 – Pantigin ang sumusunod na salita:

alambre　　brigada　　sombrero

## Tandaan Natin

Ang **br** ay halimbawa ng kambal-katinig na maaaring makita sa simula, gitna, o hulihan ng salita.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Linangin Natin

| | |
|---|---|
| D i s y em_ _e | 1. buwan ng Kapaskuhan |
| b _ _u h a | 2. kinatatakutang tauhan sa pelikula |
| N o b y e m b_ _ | 3. Araw ng mga Patay |
| s o m b _ _e r o | 4. pantakip sa ulo |
| _ _ o n s e | 5. uri ng medalya |

## Basahin Natin

**Kasiyahan sa Paaralan**

Isang araw sa aking pag-uwi
Kasiyahan ay hindi ko malimi
Sa paaralang aking pinanggalingan
Mataas na marka aking nakamtam
Siguradong katuwaan, para kay nanay
Tularan sana ninyo, aking kamag-aral.

## Sagutin Natin

- Ano ang mensahe ng tula?
- Sa inyong palagay, bakit may kasiyahang nararamdaman ang may-akda?
- Sino ang tinutukoy ng mga salitang may salungguhit?
- Alin sa mga ito ang tinutukoy sa isahan? dalawahan? maramihan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin

Kapag masipag ang mag-aaral, mataas na marka'y makakamtam. Para sa magulang, walang hanggan itong kasiyahan.

## Gawin Natin

A. Tukuyin ang mga panghalip panao. Kilalanin ang kailanan nito.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Piliin ang panghalip at isulat ang kailanan nito sa sagutang papel.

1. Bigyan natin ng pagkain ang pulubi.
2. Sa kanila ang punong maraming bunga.
3. Siya ang kapatid ko.
4. Kami ang naglinis ng bahay.
5. Ikaw ang manguna sa pila.



## Sanayin Natin


1. Maghanay ng mga panghalip panao sa iba't ibang kailanan. Ilagay sa talahanayan.

| Isahan | Dalawahan | Maramihan |
|---|---|---|
| | | |

2. Sumulat ng pangungusap batay sa nakatalang panghalip panao.


| | |
|---|---|
| Ako | |
| Kita | |
| Sila | |
| Ikaw | |
| Tayo | |

3. Kilalanin ang kailanan ng panghalip panao na angkop sa bawat larawan.







DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Lagyan ng diyalogo ang **speech balloon.** Gumamit ng panghalip panao.




Namimili ng damit



Nagpaplano ng gawain



## Tandaan Natin

Ang <u>ako</u>, <u>mo</u>, <u>ikaw</u>, <u>siya</u>, <u>akin</u>, <u>ko</u>, at <u>niya</u> ay mga panghalip na tumutukoy sa iisang tao. **Isahan** ang kailanan nito. <u>Kita</u> at <u>kata</u> ay tumutukoy sa dalawang tao. Ang kailanan nito ay **dalawahan**. Ang <u>ninyo</u>, <u>kayo</u>, <u>sila</u>, <u>natin</u>, <u>tayo</u>, at <u>kanila</u> ay tumutukoy sa higit sa dalawang tao. **Maramihan** ang kailanan nito.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Punan ng angkop na panghalip panao ang patlang.

1. Matalinong bayani si Dr. Jose Rizal.
   _____ ay isang manggagamot.
2. Naglilinis ng bakuran sina Icoy at Bentong.
   _______ ay masisipag na bata.
3. Ako at si Nanay ay maagang gumising.
   _____ay magsisimba.
4. Si Mark ay mabait. ______ ay mahal ng kaniyang mga magulang.
5. Masipag mag-aral si Zyra. Matataas ang mga marka _____.



## Basahin Natin

### Si Lolo at Si Lola

Ni A. Alde

Sa kanilang itsura, mababanaag na ang
katandaan
Sa kanilang ugali may angkin ding kaibahan
Ngunit sa talino at mahabang karanasan
Hindi sila pahuhuli, may mayamang kaalaman
Kaya nga huwag balewalain, lola at lolong
itinuturing
Sapagkat ambag nila ay walang kahambing.



## Sagutin Natin

- Ano ang mensahe ng tula?
- Paano inilarawan sina lolo at lola sa tula?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Pinahahalagahan mo ba ang iyong lolo at lola? Paano?
- Ano-ano ang salitang may salungguhit?




Igalang at mahalin ang ating lolo at lola.




Punan ng letra ang kahon upang mabuo ang salita na kasingkahulugan ng hindi kilalang salita. Isulat ang salitang nabuo sa sagutang papel.

1. mahinahon

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | l | | m | | n | | |

2. istrikto

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | a | | i | | p | | t |

3. ulyanin

| | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | a | | i | l | | m | | t | | |

4. maramdamin

| | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | t | a | | p | u | | i | |

5. mapagparaya

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| m | | p | | g | | a | | b | | y | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Sanayin sa isahan at maramihang pagbigkas ang tulang “Si Lolo at si Lola.”



## Tandaan Natin

Ang pagbigkas nang tama sa salita ay naghahatid ng pagkakaunawaan ng mga taong nag-uusap.



## Linangin Natin

Bigkasin nang wasto ang mga salita na walang patnubay ang guro.

hitsura ugali talino mayaman ambag



## Sulatin Natin

Sipiin ang mga salita sa paraang kabit-kabit.

*lola*

*talino*

*ambag*

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 8: Nabasang Kuwento, Isasalaysay Ko



## Subukin Natin

Iguhit ang masayang mukha (☺) sa sagutang papel kung tama ang nasa sumusunod na pahayag at malungkot na mukha (☹) kung hindi.

1. Ang <u>tren</u> ay salitang may kambal-katinig.
2. Dalawahan ang kailanan ng panghalip na <u>tayo</u>.
3. Nasasabi ang napakinggang impormasyon kung maayos ang pakikinig.
4. Ang <u>kambal-katinig</u> ay tinatawag ding salitang klaster.
5. Ang panghalip na <u>kanila</u> ay nasa kailanang isahan.
6. Nasa unang panauhan ang panghalip na <u>ako</u>.
7. Ang mga pangyayari sa kuwento ay may tamang pagkakasunod-sunod.
8. <u>Wakas</u> ang tawag sa huling bahagi ng kuwento.
9. Alam <u>mo</u> na ba ang bagong aralin? Ang may salungguhit ay nasa kailanang dalawahan.
10. Ang <u>tauhan</u> ang gumaganap sa kuwento.



## Basahin Natin

### Mapalad si Zyra


Si Zyra ay anak ng mag-asawang Benny at Linda. Ipinanganak siyang may kakaibang anyo. Subalit kailanman ay hindi siya ikinahiya ng kaniyang mga magulang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Matatanda na ang kaniyang mga magulang kaya't napilitan siyang humanap ng makakain sa kabundukan. Nakita niya ang isang lalaking puno ng galos at walang malay. Tinulungan niya ang lalaki.



Nagulat ang lalaki sa ginawa niya kaya bilang pasasalamat, binigyan niya ng panyo si Zyra.

Pagdating ni Zyra sa kanilang bahay,nadatnan niyang puno ng pagkain ang hapag-kainan. Mayamaya, dumating ang dalawang lalaki at nabatid niya na ang lalaking tinulungan niya ay nagmula sa isang mayamang angkan at nais daw siyang pakasalan nito dahil sa kaniyang kabutihan.



**Sagutin Natin**

- Ano ang pamagat ng kuwento?
- Tungkol saan ang kuwento?
- Sino-sino ang tauhan sa kuwento?
- Ilarawan ang bawat isa.
- Saan naganap ang kuwento?
- Ano ang kalagayan ni Zyra?
- Paano nagbago ang kaniyang kapalaran?
- Ano ang naging bunga ng kabutihang loob ni Zyra?
- Dapat ba siyang tularan?
- Ano sa palagay mo ang naging wakas ng kuwento?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pahalagahan Natin


Ang pagtulong sa kapwa ay dakilang gawain. Hindi tayo dapat naghihintay ng kapalit sa ginawang kabutihan sa kapwa.

## Gawin Natin

A. Gumuhit ng hugis puso (♡)sa sagutang papel kung nagpapakita ng pagtulong at bilog (O) kung hindi.

1. Magbigay ng upuan sa nakatatanda.
2. Magbigay ng kendi sa kaibigan.
3. Maghugas ng maruming pinggan.
4. Magpakopya ng takdang-aralin sa kamag-aral.
5. Burahin ang sulat sa pisara.

B. Punan ang tsart ng hinihingi. Gamitin ito sa pagsasalaysay muli ng napakinggang teksto.




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Unang Pangkat – Isadula ang kuwentong binasa.
Ikalawang Pangkat – Iguhit ang kabutihang ginawa ni Zyra.
Ikatlong Pangkat – Magtala ng mga paraan kung paano natin tutulungan ang mga nangangailangan.
Ikaapat na Pangkat – Gumawa ng poster tungkol sa pagtulong sa kapwa.



## Tandaan Natin

Mahalagang malaman ang pamagat ng kuwento, tauhan, tagpuan, mga pangyayari, at wakas ng isang kuwento upang maisalaysay ito nang wasto.



## Linangin Natin

Hanapin sa loob ng kahon ang tinutukoy ng pangungusap.

| | | |
|---|---|---|
| pamagat | pangalawang tauhan | |
| unang tauhan | tagpuan | wakas |

1. Ito'y naglalarawan kung saan nangyari ang kuwento.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

2. Karaniwang mababasa sa una at pinakaitaas ng isang talata o kuwento.
3. Siya ang bida sa kuwento.
4. Isang pangyayari upang tapusin ang kuwento.
5. Mga taong nagsasalita, kumikilos, at umaarte sa kuwento maliban sa bida.



## Basahin Natin

Tuwing Sabado ng gabi, dumaraan ang isang trak sa harap ng teatro. Sakay ng trak ang isang tropa ng musikero. Marami sa kanila ang may hawak na trumpeta ngunit kagabi, kaunti lamang sila dahil marami sa kanila ay dinapuan ng trangkaso.



## Sagutin Natin

- Tungkol saan ang talata?
- Ano ang naobserbahan ng nagsasalita sa talata?
- Saan kaya pumupunta ang mga musikero?
- Ano ang napansin niya isang gabi?
- Bakit kaya nagkatrangkaso ang ibang musikero?
- Pansinin ang mga salitang may salungguhit.
- Ano ang pagkakatulad-tulad nila?



## Pahalagahan Natin

Laging pangalagaan ang kalusugan upang hindi dapuan ng karamdaman.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Gawin Natin

Piliin ang angkop na salita upang mabuo ang pangungusap. Isulat sa kuwaderno ang sagot.

1. Kapag umuulan, masikip ang ________ sa lansangan. (tropiko, trapiko)
2. Sumakay kami sa ______ papuntang Bicol. (tren, trono)
3. Malaki ang suweldo ng aking tatay sa kaniyang________. (trabaho, troso)
4. Malaki ang tinanggap niyang ______ bilang gantimpala sa paligsahan. (tropeo, trapo)
5. Magaling akong maglaro ng ______. (trumpo, trapiko)
6. Naupo ang hari sa kaniyang ______. (upuan, trono)
7. Hindi kami magkasundo dahil lagi siyang _____ sa sinasabi ko. (kontra, ayon)
8. Sakay ng _____ ang mga sundalo. (trak, dyip)

DEPED COPY



## Sanayin Natin

Pantigin ang sumusunod na salita. Gamitin ang mga ito sa sariling pangungusap.

| | |
|---|---|
| traysikel | instrumento |
| traktora | elektrisidad |
| trumpeta | litrato |
| transportasyon | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang **tr** ay halimbawa ng kambal-katinig na makikita sa unahan at gitna ng mga salita.




## Linangin Natin

Isulat ang inilalarawan.

| | |
|---|---|
| __ __aysikel | 1. sasakyang may motor |
| ins__ __umento | 2. halimbawa nito ang torotot |
| __ __oso | 3. pinutol na puno |
| __ __umpo | 4. isang uri ng laruan |



## Basahin Natin




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sagutin Natin

- Ano ang mensahe ng diyalogo?
- Bakit maraming bunga ang puno ng mangga?
- Sino ang tinutukoy ng salitang mo, ko, iyon, amin, at ninyo?
- Alin sa mga ito ang tumutukoy sa taong nagsasalita? Taong kausap? Taong pinag-uusapan?



## Pahalagahan Natin

Kung ang kalikasan ay ating pangangalagaan, tiyak tayo rin ang siyang makikinabang.



## Gawin Natin

Sabihin kung ang mga panghalip panao na may salungguhit ay nasa panauhang una, ikalawa, o ikatlo.

1. Siya ang aking kapatid na bunso.
2. Ibigay mo sa kuya ang bag niya.
3. Gusto nilang sumama sa lakbay-aral.
4. Tayo ang magkasamang maglilinis ng bahay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sanayin Natin

Gamitin sa pangungusap ang mga panghalip na nakatala sa kahon.

| | | | |
|---|---|---|---|
| kanila | kami | kita | ko |
| mo | natin | nila | |



## Tandaan Natin

**Panauhan ng panghalip panao**

Unang panauhan – tumutukoy sa taong nagsasalita: ako, tayo, natin, kami, kita, kata, tayo

Ikalawang panauhan – tumutukoy sa taong kausap: ikaw, mo, ninyo, inyo, ninyo

Ikatlong panauhan – tumutukoy sa taong pinag-uusapan: sila, nila, kanila, niya, kaniya



## Linangin Natin

Piliin ang tamang panghalip na angkop sa sumusunod na mga pangungusap.

1. Si Bea at si Anne ay magkapatid. ______ (Sila, Siya) ay nagmamahalan.
2. Ako at ang nanay ay pupunta sa palengke. _____ (Kanila, Kami) ay bibili ng ulam para mamayang gabi.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Masyadong maingay ang radyo ng aming kapitbahay. Sana hinaan ________ (kanila, nila) ito.
4. Sina Fe, Aida, Nelly, at ako ay magkakasamang nagsusulat.
_______ (Tayo, Kami) ay magkakamag-aral.
5. Sina Connie at Ofel ay nagpunta sa plasa.
______ (Sina, Sila) ay manonood ng pagtatanghal doon.



## Basahin Natin

Basahing muli ang kuwentong "Mapalad si Zyra."



## Sagutin Natin

Iugnay ang binasang kuwentong "Mapalad si Zyra" sa inyong sariling karanasan.

May pagkakatulad ba?

Ipakita ito sa pamamagitan ng **Venn Diagram**.



## Pahalagahan Natin

Tumulong sa kapwa nang may pagkukusa.



## Gawin Natin

Punan ng hinihinging datos. Tukuyin ang mga pangyayari sa binasang kuwento. Iugnay ito sa sariling karanasan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Hindi pa naranasan | Naranasan na | Gustong maranasan |
|---|---|---|
| | | |




Basahin ang kuwento at iugnay ito sa iyong sariling karanasan.

**Ang Ulirang Magkapatid**

Mapalad ang mga magulang nina Ben at Loupe na sina Mang Benny at Aling Rosing.

Masipag na mag-aaral ang magkapatid. Lagi silang kasama sa mga nangunguna sa klase. Kapag walang pasok, tumutulong sila sa mga gawaing bahay. Nagwawalis sila ng kanilang bakuran at nagdidilig ng mga tanim na gulay sa likod-bahay. Ang mga basura ay itinatapon nila sa maliit na hukay upang gawing pataba.

Kapag araw ng Linggo, sama-sama silang nagsisimba upang mag-ukol ng pasasalamat sa Diyos.

DEPED COPY




Ang **Venn Diagram** ay isang **graphic organizer** na ginagamit upang malaman ang pagkakatulad at pagkakaiba ng dalawang pinag-uusapan.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Magtala ng limang paraan kung paano maipakikita ang pagtulong sa kapwa. Isulat ito sa iyong kuwaderno.




Sipiin nang wasto.

Ako ay tumutulong kay ina.

Pinulot niya ang nalaglag na panyo.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Aralin 9: Katangian Mo, Aalamin Ko

## Subukin Natin

Isulat sa sagutang papel ang **Tama** kung sumasang-ayon ka sa pahayag at **Mali** kung hindi.

1. Ang salitang preso ay may dalawang pantig.
2. Doon ay maraming bunga ang puno ng santol. Ang doon ay halimbawa ng panghalip na panlunan.
3. Ang pangungusap ay nagsisimula sa maliit na letra.
4. Ang tagpuan sa kuwento ay nagpapahayag ng lugar at panahon.
5. Ang salitang probinsiya ay may dalawang pantig.

## Basahin Natin

### Ang Pamilya Kung Saan Ako Masaya



Isang matulunging mag-anak ang pamilya ni Mang Berto. Naikuwento niya sa mga anak niya ang pagiging matulungin sa kapwa ng kanilang lolo at lola.

Minsan, sa kaniyang pag-uwi

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

galing sa talyer na pag-aari ng pribadong kompanyang pinapasukan, masaya niyang sinabi na siya ay nabigyan ng isang linggong bakasyon at nais niyang gugulin ito sa probinsiya ng Quezon upang madalaw ang kanilang mga lolo at lola.

Nais ni Mang Berto na masaksihan ng kaniyang mga anak ang pagiging matulungin sa kapwa ng kanilang lolo at lola.

"Talaga, Tatay? Dadalaw tayo **doon** kina Lolo at Lola?" masayang tanong ng bunsong anak na si Lory na sinundan din ng dalawa pang kapatid. "Siyempre, mga anak, **doon** ay malawak ang bukirin at makakakain tayo ng mga tanim na prutas at gulay ng inyong lolo," sabi ng ama. "Mabuti naman at kahit sandali ay makaiiwas tayo sa maruming hangin **dito**," sabi ni Aling Precy.

Masaya ang preparasyong ginawa ng mag-anak upang maaga silang makapagbiyahe.



**Sagutin Natin**

- Anong uri ng pamilya mayroon si Mang Berto?
- Ano ang balitang dala ni Mang Berto na ikinasaya ng kaniyang pamilya?
- Masaya nga bang makita ang mga mahal sa buhay na matagal nang hindi nakikita?
- Bilang isang anak, ano ang masasabi mo kay Mang Berto? Gayundin kaya ang kaniyang mga anak sa kaniya?
- Ano ang katangiang ipinagmamalaki ni Mang Berto tungkol kay Lolo at Lola?
- Bilang isang bata, paano ka makatutulong sa pagsugpo ng polusyon sa ating kapaligiran?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

- Ano ang mensahe ng kuwento?
- Anong katangian ang taglay ng bawat tauhan sa kuwento?



## Pahalagahan Natin

Ang pamilyang sama-sama, walang hanggang saya ang dala.



## Gawin Natin

Isulat sa sagutang papel ang katangian ng pamilya ni Mang Berto gamit ang **semantic web**.






## Sanayin Natin

1. Ano ang mga katangian ng mga tauhan sa kuwento? Isulat ang sagot sa kuwaderno.

| ama | ina | mga anak |
|---|---|---|



## Tandaan Natin

Malalaman ang mensahe ng akda kung may pagkaunawa sa pagbabasa at nakakaintindi sa mga katangian ng bawat tauhan. Nasasabi ang katangian ng tauhan sa kaniyang kilos, gawa, at pananalita.

DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Linangin Natin

Itala ang mga katangian ng iyong ama't ina. Isulat sa kahon na nakalaan para sa kanila.






## Basahin Natin

Muling basahin ang "Ang Pamilya Kung Saan Ako Masaya."



## Sagutin Natin

- Ano-ano ang salitang may bilog sa kuwento?
- Sa anong letra sila nagsisimula? Pantigin ang mga salitang ito.
- Ano ang kayarian ng pantig ng mga salitang may salungguhit?
- Ipahayag ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.



## Pahalagahan Natin

Mahalaga ang pag-uukol ng panahon sa pamilya tungo sa lalong pagkakabuklod nito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Gawin Natin

Isulat ang nawawalang kambal-katinig batay sa larawan.

____ tas




____ to




____ insesa



____ ibadong gusali



____duktong mais





## Sanayin Natin

A. Pagsunod-sunurin ang mga pangungusap batay sa kuwento. Lagyan ng bilang 1-4.

________ Binigyan si Mang Berto ng isang linggong bakasyon.

________ Tatlo ang anak ng mag-asawang Berto.

________ Naghanda sila ng mga dadalhin sa pagbabakasyon.

________ Isang pangkaraniwang trabahador si Mang Berto.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

B. Sipiin ang mga salitang may guhit sa kuwento. Pantigin ang mga salita at kilalanin ang kayarian nito.

C. Lagyan ng bilang ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa nasa larawan.










## Tandaan Natin

Ang **pr** ay halimbawa ng kambal-katinig na maaaring makita sa unahan at gitna.



## Linangin Natin

Piliin ang mga salitang may kambal-katinig at pantigin. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Mabilis tumaas ang presyo ng mga bilihin sa palengke.
2. Nagpasa na ako ng proyekto sa ating guro.
3. Natrapik ako sa malalim na baha.
4. Malaki ang premyong napanalunan niya.
5. Masarap magtungo sa probinsya dahil presko ang hangin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Basahin Natin

Basahing muli ang kuwentong "Ang Pamilya Kung Saan Ako Masaya."

## Sagutin Natin


- Saan pupunta ang mag-anak?
- Ano ang nararamdaman nila? Bakit?
- Mahalaga ba ang kanilang gagawin?
- Ano ang tinutukoy ng salitang doon at dito?
- Kailan ginamit ang doon sa pangungusap? Dito?


## Pahalagahan Natin

Ang pagkikita-kita ng pamilya ay nagdudulot ng matibay na pagsasamahan.

## Gawin Natin

Ilarawan ang lugar na nasa larawan. Gumamit ng mga panghalip panlunan na dito, doon, at diyan sa pangungusap.





DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Sanayin Natin

Lagyan ng angkop na panghalip panlunan batay sa makikita sa larawan. Gawin sa sagutang papel.


1. _____kami madalas mamasyal.




2. _____pinitas ang bayabas.



3. _____ ko binili ang damit mo.




4. _____nakatira ang bago kong guro.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Tandaan Natin

Ang mga **panghalip panlunan** ay mga salitang inihahalili sa itinuturong pook o lugar.

- Ginagamit ang dito kung ang itinuturo ay sa kinatatayuan o malapit sa nagsasalita.
- Ginagamit ang diyan kung ang itinuturo ay malapit sa kausap.
- Ginagamit ang doon kung ang itinuturo ay malayo sa nag-uusap.



## Linangin Natin

Palitan ng panghalip panlunan ang mga salitang may salungguhit. Gawin ito sa sagutang papel.

1. Sa kabilang kanto po ang tawiran.
2. Sa silid-aklatan na ito ako gumagawa ng takdang-aralin.
3. May aso sa looban. Mag-ingat ka!
4. Sa parkeng ito ako nagbibisekleta. Katabi lang ng aming tirahan.
5. Ang kuya ko ay mag-aaral sa Los Baños, Laguna.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Basahin Natin

Muling basahin ang kuwentong "Ang Pamilya Kung Saan Ako Maligaya."



## Sagutin Natin

- Basahin ang mga salitang may salungguhit dito. Suriin kung ilang pantig ang mga ito.
- Isulat ang mga ito nang papantig.




## Gawin Natin


Tingnan ang larawan. Isulat sa iyong sagutang papel ang pangalan ng bawat isa.

1. 


_______________

2. 


_______________

3. 

_______________

4. 2

_______________

5. 

_______________

DEPED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




## Sanayin Natin

Tukuyin ang ngalan ng bawat larawan at isulat ang mga ito nang may tamang baybay.



_______________



_______________



_______________



## Tandaan Natin

Lahat ng salita, ilan man ang bilang ng pantig ay dapat baybayin nang tama. Malaking letra ang gamit sa mga pangngalang pantangi at kapag nasa simula ng pangungusap.


DEPED COPY





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.





Isulat ang nawawalang pantig sa patlang upang mabuo ang pangalan ng nasa larawan.





ha_____man     paara____     ____basahin





pa _____ ruan     _____ sipe

DepED COPY




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



## Sulatin Natin

Pagsamahin ang mga letra upang makabuo ng salita, sa paraang kabit-kabit. Sundin ang modelo sa ibaba.






All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.